

# COVID-19 Vaccination Translation Project

*Language: Tagalog*

## Alam mo ba?

1. Ang bakuna sa COVID-19 ay ipinakita na lubos na epektibo para sa pag-iwas sa sakit at ito ay isang mahalagang kasangkapan sa paglaban sa pandemya. Ang kombinasyon ng pagbabakuna, pagsusuot ng maskara, at paglayo sa lipunan ang mag-aalok ng pinakamahasag na proteksyon mula sa COVID-19. Ang impormasyong ito ay dinala sa iyo ng Mass.gov Department of Public Health.

Narito ang ilang mga karaniwang sintomas na normal: Masakit ang braso, pamumula, pamamaga, pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, lagnat, pagduduwal, panginginginig ng katawan. Kung nakakaranas ka ng iba pang mga sintomas o kung tumatagal ito ng higit sa ilang araw, tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga.

2. Maaari kang makakuha ng bakuna kahit na wala kang seguro, isang ID, lisensya sa pagmamaneho o numero ng Social Security. Ang mga dokumentong ito ay hindi na kinakailangan.

Kung tinanggihan ka ng pagbabakuna o mayroong anumang iba pang isyu, mangyaring makipag-ugnay sa Attorney General Civil Rights Division 617-963-2917 o mag-padala ng isang reklamo sa 'online' sa <https://www.mass.gov/how-to/file-a-civil-rights-complaint>.

Kung may humihingi pa ng iyong seguro, isang ID, lisensya sa pagmamaneho o isang numero ng Social Security, maaari mong sabihing hindi. Hindi mo na kinakailangang mag-pakita ang mga dokumentong ito upang mabakunahan sa MA.

3. Ang pagkuha ng bakuna ay hindi makakaapekto sa iyong katayuan sa imigrasyon. Kinumpirma ng pamahalaang pederal na hindi nito isasaalang-alang ang paggamot sa COVID-19 (kabilang ang isang bakuna) bilang bahagi ng pagpapasiya ng katayuan sa imigrasyon ng isang tao.
4. Ang bakuna mismo ay libre para sa lahat ng mga tao na nakatira, nagtatrabaho at nag-aaral sa Massachusetts sa edad na labing-anim na taong gulang, kabilang ang mga walang dokumento na mga imigrante. Ang bakuna ay ibinibigay nang walang bayad sa lahat ng mga tao ng pamahalaang pederal. Hindi mo kailangang naka-seguro upang makatanggap ng bakuna. Hindi ka kailanman hihingan para sa isang numero ng 'credit card' upang makagawa ng isang tipanan.

Kung tinanggihan ka ng pagbabakuna o mayroong anumang iba pang isyu, mangyaring makipag-ugnay sa Attorney General Civil Rights Division 617-963-2917 o mag-file ng isang reklamo sa online sa <https://www.mass.gov/how-to/file-a-civil-rights-complaint>.

5. Kung dati ka ng nagkaroon ng COVID-19, dapat ka pa ring mabakunahan. Kung ikaw ay naging positibo para sa COVID-19, dapat kang maghintay na mabakunahan hanggang sa natapos ang iyong panahon ng paghihiwalay, karaniwang 10 araw pagkatapos magsimula ang mga sintomas o, kung wala kang mga sintomas, 10 araw pagkatapos naging positibo ang iyong pagsubok.
6. Ang tala ng iyong pagbabakuna ay protektado mula sa pagsisiwalat. Ang Kagawaran ng Pangkalahatang Kalusugan ay panatilihin ang isang elektronikong tala ng bawat pasyente sa Massachusetts na tumatanggap ng bakuna sa COVID-19. Ang 'database' ng bakuna ay pinananatiling kumpidensyal tulad ng medikal na tala ng pasyente sa kanilang doktor. Kung pipiliin mong magbigay ng dokumentasyon (seguro, isang ID,

lisensya sa pagmamaneho o isang numero ng Social Security), mananatiling kompidensiyal ang iyong mga impormasyon.

**Translator Name(s) / Organization:** Olivia M. Strohman / Bayanihan Association of American, Inc.

**These translations were undertaken by:**

*Springfield Vietnamese Cultural Association*

*Cambodian Mutual Assistance Association*

*Chinese Associations of Western MA*

*Bayanihan Association of America*

*Bhutanese Society of Western MA*

*Dr. Syed Irfan Makhdoom Nayyar,*

*Syeddah Ghazala, Syed Armughan*

*Dr. Zoubir Benmebarek*

*Farzana Junaise*

**Project direction by:**

*AAC's Health & Human Services Committee: Commissioner Haniya Syeda and*

*Commissioner Ekta Saxena*